# INTERNATIONAL NAPASA (April 8, 2025)

## 1)SEMINAR PARA SA PAGGAWA NG ABONO MULA SA BASURA

生ゴミから堆肥を作る講習会のお知らせ

Sa April 9 (Wednesday) ay magkakaroon ng “***SIMINAR SA PAGGAWA NG ABONO MULA SA NABUBULOK NA BASURA”*** dito sa Hiratsuka City. Ang Oras ay mula 10:00 ng umaga hanggang alas 3:00 ng hapon. Ang lugar ay sa Hall ng 1st floor ng Hiratsuka City Office

**ANG MGA PAG-AARALAN AY ANG MGA SUMUSUNOD:**

1. Paraan ng paggawa ng abono sa pamamagitan ng pagbabalik sa lupa ng mga basura mula kusina.
2. Paraan ng paggawa ng abono gamit ang Composting Bin.
3. Paraan ng paggawa ng abono gamit ang planter
4. Paraan ng paggawa ng abono gamit ang Styrofoam.

Dito ay hindi na kinakailangan pang magpareserba, dumerekta na lamang sa 1st floor ng city Office. Para sa iba pang katanungan ay maaaring tumawag sa ***ENVIRONMENTAL POLICY DIVISION.***Telephone No. **0463-21-9603 (0463-21-9603).**

## 2)IMPORMASYON UKOL SA OPEN MARKET NA SUNSUN ・MARCHE

青空市場「サンサン・マルシェ」のお知らせ

Sa April 13 (Sunday) ay magkakaroon ng open market na “***SUNSUN・MARCHE”*** sa ***SHONAN KAIGAN PARK*** sa Takahamadai. Ang Oras ay mula 10:00 ng umaga hanggang alas 2:00 ng hapon. Makabibili ng mga handmade na accessories at masasarap na pagkain sa Kichen Car. At ang paradahan ng sasakyan dito ay libre. Para sa iba pang katanungan ay maaaring tumawag sa Telephone No. **0463-31-7211 (0463-31-7211).**

## 3)IMPORMASYON UKOL SA CONCERT SA HACHIMAN YAMA NO YOUKAN

八幡山の洋館でのコンサートのお知らせ

Sa April 16 (Wednesday) ay magkakaroon ng libreng concert sa Hachimanyama no Youkan. Mula 11:00 hanggang 12:00 ng tanghali ay magkakaroon ng ***“Rakugo Storytelling”*** at mula 2:00 hanggang 3:00 ng hapon at isasagawa naman ang ang concert na ***“Tsunagu Utatachi”.***

Para sa mas detalyadong pangalan ng kanta at musikero ay makikita sa Web site ng Hiratsuka City Office. Ang kapasidad ng lugar ay hanggang 60 taong naunang dumating. Para sa mga katanungan ay makipag-alam sa Telephone No. **0463-35-7114 ( 0463-35-7114).**

## 4)PAGLILIMBAG NG 2025~26 GUIDE BOOK SA PAMUMUHAY PARA SA MAMAMAYAN

生活ガイドブック２０２５～２４版発行のお知らせ

Dito sa Hiratsuka City ay nailimbag na ang ***2025～26 GUIDE BOOK SA PAMUMUHAY PARA SA MAMAMAYAN*** na may mga nakalathalang iba’-ibang inpormasyon tulad ng ***PAG-***

***IWAS SA SAKUNA, PARA SA KAPAKANAN, PAGPAPALAKI NG MGA BATA, SIGHTSEEING, SPORTS*** at iba pa. Ang ***GUIDE BOOK*** na ito ay makukuha sa General Information sa 1st floor ng Hiratsuka City Office at sa mga ***KOMINKAN (COMMUNITY CENTER)*** ng bawat distrito. Kung mayroong katanungan ukol sa bagay na ito ay makipag-alam sa ***PUBLIC RELATIONS DIVISION (KOUHO KA)*** Telephone No. **0463-21-8761 (0463-21-8761).**